



ALAMIN BAGO KA PUMUNTA

Ang KODIGO ng Kaligtasan sa Tubig

Bago ka lumusong sa tubig, alamin mo muna ang Kodigo ng Kaligtasan sa Tubig ng New Zealand.

4 na simpleng tuntunin para panatilihin kang ligtas:

- 1 Maging handa**
Matutong lumangoy at manatiling buhay at magtakda ng mga tuntunin para sa ligtas na paglalaro habang ikaw ay nasa tubig. Laging gumamit ng ligtas at tamang kagamitan. Alamin ang kalagayan ng panahon at tubig bago ka lumusong.
- 2 Bantayan ang iyong sarili at ang iba**
Laging mapagmasid sa mga batang iyong binabantayan sa tubig o malapit sa tubig. Lumangoy kasama ng iba at sa mga lugar na may mga awtorisadong tao na nagsasagip sa tubig.
- 3 Maging alisto sa mga panganib**
Lumusong sa mababaw at di-pamilyar na tubig na una muna ang mga paa at sundin ang lahat ng karatula ukol sa kaligtasan at mga pambabalang bandera. Huwag lumusong sa tubig pagkatapos uminom ng alak.
- 4 Alamin mo ang iyong makakayanan**
Hamunin mo ang iyong sarili sa loob lamang ng makakaya ng iyong katawan at karanasan. Matuto ng mga ligtas na paraan ng pagsaklolo sa ibang tao na hindi malalagay sa panganib ang iyong sarili.

Makukuha rin:

Ang KODIGO ng Kaligtasan sa Pamamangka

Ang KODIGO ng Kaligtasan sa Labas na Gawain

